# Pagaayuno Yugto 5
# Ang Pananalangin at Pagaayuno ng Pagsisisi ni David

Ang pagaayuno ay isa sa kasanayan na ginagawa ni David. Ating natalakay sa naunang mensahe ang maraming mga layunin ng pananalangin at pagaayuno ni David at ng kinahinatnan ng mga ito ay malaking aral para sa atin upang matutunan at ilapat sa ating buhay para tuparin ang layunin ng Diyos sa atin at isagawa ang Kanyang kalooban.

Sa mensaheng ito ating tatalakayin kung paanong si David ay nagayuno nang siya ay nagsisi mula sa kanyang kasalanan ng pangangalunya kay Batsheba. "2 At nangyari sa kinahapunan, na si David ay bumangon sa kaniyang higaan, at lumakad sa bubungan ng bahay ng hari: at mula sa bubungan ay kaniyang nakita ang isang babae na naliligo; at ang babae ay totoong napakagandang masdan. 3 At nagsugo si David, at nagpasiyasat tungkol sa babae. At sinabi ng isa, Hindi ba ito ay si Bath-sheba na anak ni Eliam, na asawa ni Uria na Hetheo? 4 At si David ay nagsugo ng mga sugo, at kinuha siya; at siya'y pumaroon sa kaniya, at kaniyang sinipingan siya (sapagka't siya'y malinis sa kaniyang karumihan;) at siya'y bumalik sa kaniyang bahay. 5 At ang babae ay naglihi; at siya'y nagsugo at nasaysay kay David, at nagsabi: Ako'y buntis." (2 Samuel 11:2-5) Si David ay dapat lumabas para sa digmaan ngunit sa halip siya'y nanatili sa bahay at nagdulot sa kanya upang matukso sa kasalanan. Ano ang maari mong matutunan mula sa dito ay kailangan mong gawin ang iyong takdang aralin ng maayos at huwag maging abala sa hindi kinakailangan at kapilyuhang mga bagay gaya ng panoood ng You tube, at Facebook, upang ikaw ay hindi mahulog sa tukso at kasalanan gaya ng nangyari kay Haring David.

Ngayon si David ay sinubukang takpan ang kanyang kasalanan: "6 At nagsugo si David kay Joab, na sinasabi, Suguin mo sa akin si Uria na Hetheo. At sinugo ni Joab si Uria kay David. 7 At nang si Uria ay dumating sa kaniya, tinanong ni David siya kung paano ang tayo ni Joab, at kung ano ang kalagayan ng bayan, at kung paano ang tayo ng pagbabaka. 8 At sinabi ni David kay Uria, Babain mo ang iyong bahay, at iyong hugasan ang iyong mga paa. At umalis si Uria sa bahay ng hari at isinusunod sa kaniya ang isang pagkain na mula sa hari. 9Nguni't natulog si Uria sa pintuan ng bahay ng hari na kasama ng lahat ng mga lingkod ng kaniyang panginoon, at hindi binaba ang kaniyang bahay. 10At nang masaysay kay David, na sabihin, Hindi binaba ni Uria ang kaniyang bahay, sinabi ni David kay Uria, Hindi ka pa ba nakapaglalakbay? bakit hindi mo binaba ang iyong bahay? 11At sinabi ni Uria kay David, Ang kaban, at ang Israel, at ang Juda, ay nasa mga tolda at ang aking panginoon si Joab, at ang mga lingkod ng aking panginoon, ay nangahahantong sa luwal na parang; yayaon nga ba ako sa aking bahay, upang kumain, at upang uminom, at upang sumiping sa aking asawa? buhay ka, at buhay ang iyong kaluluwa, hindi ko gagawin ang bagay na ito. " (2 Samuel 11:6-11) Kinuha ni David si Uriah mula sa labanan upang si Uriah ay matulog sa kanyang asawa at para mabuntis siya ng sarili niyang asawa. Ngunit ang plano ni David ay hindi gumana sa katapatan ni Uriah sa paglilingkod.

"12 At sinabi ni David kay Uria, Tumigil ka rin dito ngayon at bukas ay aking payayaunin ka. Sa gayo'y tumigil si Uria sa Jerusalem sa araw na yaon, at sa kinabukasan. 13 At nang tawagin siya ni David, siya'y kumain at uminom sa harap niya; at kaniyang nilango siya: at sa kinahapunan, siya'y lumabas upang mahiga sa kaniyang higaan na kasama ng mga lingkod ng kaniyang panginoon, nguni't hindi niya binaba ang kaniyang bahay.14 At nangyari, sa kinaumagahan, na sumulat si David ng isang sulat kay Joab, at ipinadala sa pamamagitan ng kamay ni Uria. 15 At kaniyang isinulat sa sulat, na sinasabi, Ilagay mo si Uria sa pinakaunahan ng mahigpit na pagbabaka, at kayo'y magsiurong mula sa kaniya, upang siya'y masaktan, at mamatay. 16 At nangyari, nang bantayan ni Joab ang bayan, na kaniyang inilagay si Uria sa dakong kaniyang nalalaman na kinaroroonan ng mga matapang na lalake. 17 At ang mga lalake sa bayan ay nagsilabas at nakipagbaka kay Joab: at nangabuwal ang iba sa bayan, sa mga lingkod ni David; at si Uria na Hetheo ay namatay rin." (2 Samuel 11:12-17)

Dahil tinatakpan ni David ang kanyang kasalanan siya ay naging hindi makatwiran kay Uriah, ang Hitano, "26 At nang marinig ng asawa ni Uria na si Uria na kaniyang asawa ay namatay, kaniyang tinangisan ang kaniyang asawa. 27 At nang ang pagtangis ay makaraan, ay nagsugo si David at kinuha siya sa kaniyang bahay, at siya'y naging kaniyang asawa, at nagkaanak sa kaniya ng isang lalake. Nguni't ang bagay na ginawa ni David ay minasama ng Panginoon." (2 Samuel 11:26-27)

Inilantad ng Panginoon ang ginawa ni David sa pamamagitan ng propetang si Natan na siyang ipinadala ng Panginoon at sinaway siya sa kaniyang ginawa: "At sinabi ni David kay Nathan, Ako'y nagkasala laban sa Panginoon. " (2 Samuel 12:13) At sinabi ni Nathan kay David, Inalis din ng Panginoon ang iyong kasalanan; hindi ka mamamatay. 14 Gayon ma'y sapagka't sa gawang ito'y iyong binigyan ng malaking pagkakataon ang mga kaaway ng Panginoon upang magsipanungayaw, ang bata naman na ipinanganak sa iyo ay walang pagsalang mamamatay." (2 Samuel 12:13-14)Tinanggap ni David ang kasalanan na kanyang ginawa nang hinarap siya ni Nathan at hindi niya ginawang itanggi ito. Si Nathan ay hindi nagbigay ng anomang katunayan na may ibang nakakita sa kanya kasama ng babae, at iniulat sa kanya, kundi siya ay handang magsisi nang siya ay hinarap. Alam ni David na ipinadala ng Diyos si Nathan upang sawayin siya para sa kasalanang yaon upang siya'y makapagsisi at manumbalik sa Diyos, upang tanggapin muli ang kanyang kaligtasan. Sa parehong paraan, kapag ikaw ay nagkasala at ikaw ay hinarap sa kasalanang yaon, tanggapin ang pagsaway ng Diyos, at tanggihan upang magpakumbaba at tanggapin ang kinahantungan ng iyong kasalanan.

Ang totoong pagsisi ay malinaw na totoong galing sa kanyang puso sapagkat kanya ding tinanggap ang disiplina ng Diyos at ang kinahantungan ng kanyang kasalanan. Ang anak na ipinanganak sa pangangalunya ay namatay. Sapagkat hinayaan niya si Uriah na tamaan ng espada, kaya't ang espada na yaon ay hindi humiwalay sa kanyang sangbahayan. Sa labas ng kanyang sariling sangbahayan ang Panginoon ay ipinadala ang kalamidad sa kanya. Tunay na isinagawa ng Diyos ang kanyang pagdidisiplina laban kay David at tinanggap ni David ang disiplina ng Diyos. "15 At si Nathan ay umuwi sa kaniyang bahay. At sinaktan ng Panginoon ang bata na ipinanganak ng asawa ni Uria kay David, at totoong malubha. 16 Ipinanalangin nga ni David sa Dios ang bata; at si David ay nagaayuno,

at pumapasok, at humihiga buong gabi sa lupa. 17 At bumabangon ang mga matanda sa kaniyang bahay, at tumatayo sa siping niya, upang itindig siya sa lupa; nguni't siya'y ayaw kahit kumain ng tinapay na kasalo nila. 18 At nangyari, nang ikapitong araw, na ang bata ay namatay. At nangatakot ang mga lingkod ni David na saysayin sa kaniya na ang bata ay patay na: sapagka't kanilang sinabi, Narito, samantalang ang bata ay buhay pa, tayo ay nakipagsalitaan sa kaniya, at hindi siya nakinig sa ating tinig: gaano ngang ikababagabag niya kung ating sasabihin sa kaniya na ang bata ay patay na? 19 Nguni't nang makita ni David na ang kaniyang mga lingkod ay nagbubulong-bulungan, nahalata ni David na ang bata ay patay na: at sinabi ni David sa kaniyang mga lingkod, Patay na ba ang bata? At kanilang sinabi, Siya'y patay na. 20 Nang magkagayo'y bumangon si David sa lupa at naligo, at nagpahid ng langis, at nagbihis ng kaniyang suot; at siya'y naparoon sa bahay ng Panginoon, at sumamba: saka naparoon siya sa kaniyang sariling bahay; at nang siya'y humingi, hinainan nila ng tinapay siya sa harap, at siya'y kumain." (2 Samuel 12:15-20) Ipinagtapat ni David ang kanyang kasalanan at ang kanyang buhay ay naligtas. Ganon pa man siya'y nagmakaawa pa din sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno para sa buhay ng kanyang anak. Nang ang kanyang anak ay namatay si David ay tumayo ng walang kapaitan sa puso. Ito'y nagpapakita na siya talaga ay nagsisisi at tinanggap ang disiplina ng Diyos. Sa parehong paraan kapag dinisiplina ka ng Diyos at ipinadala ang kanyang paghatol laban sayo tanggapin ang disiplina ng Diyos at ang Kanyang paghatol sayo.

Habang si David ay nagsisi at tinanggap ang disiplina ng Diyos at ang kinahantungan ng kanyang kasalanan, Pinahintulutan siya ng Diyos na magtiis at anihin ng bunga ng kanyang pagsisisi. "24 At inaliw ni David si Bath-sheba na kaniyang asawa, at lumapit sa kaniya, at sumiping sa kaniya: At siya'y nanganak ng isang lalake, at tinawag niya ang kaniyang pangalan na Salomon. At minahal siya ng Panginoon. 25At nagsugo siya sa pamamagitan ng kamay ni Nathan na propeta, at tinawag niya ang kaniyang pangalan na Jedidiah alang-alang sa Panginoon." (2 Samuel 12:24-25) Pagkatapos ng buong pagsisisi ni David, ang Panginoon ay ginantimpalaan siya sa pagbibigay kay Solomon na hahalili kay David bilang isang hari sa Israel. Sa parehong paraan, kapag ikaw ay handang magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan panunumabalikin ka ng Diyos pabalik sa Kanya upang maglingkod sa Kanya at gagantimpalaan ka rin Niya.

Si David, habang siya'y nasa pananalangin at pagaayuno sa pagsisisi para sa kasalanang ito ng pangangalunya na kanyang ginawa kay Bathsheba, siya'y sumulat sa Awit 51:1-19: "1 Maawa ka sa akin, Oh Dios, ayon sa iyong kagandahang-loob: ayon sa karamihan ng iyong malumanay na mga kaawaan ay pinawi mo ang aking mga pagsalangsang. 2 Hugasan mo akong lubos sa aking kasamaan, at linisin mo ako sa aking kasalanan.3 Sapagka't kinikilala ko ang aking mga pagsalangsang: at ang aking kasalanan ay laging nasa harap ko.4 Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala, at nakagawa ng kasamaan sa iyong paningin: upang ikaw ay ariing ganap pag nagsasalita ka, at maging malinis pag humahatol ka.5 Narito, ako'y inanyuan sa kasamaan; at sa kasalanan ay ipinaglihi ako ng aking ina,6 Narito, ikaw ay nagnanasa ng katotohanan sa mga loob na sangkap; at sa kubling bahagi ay iyong ipakikilala sa akin ang karunungan.7 Linisin mo ako ng hisopo, at ako'y magiging malinis: hugasan mo ako at ako'y magiging lalong maputi kay sa nieve. 8 Pagparinggan mo ako ng kagalakan at kasayahan; upang ang mga buto na iyong binali ay mangagalak. 9 Ikubli mo ang iyong mukha sa aking mga kasalanan, at pawiin mo ang aking lahat na mga kasamaan.10 Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko.11 Huwag mo akong paalisin sa iyong harapan; at huwag mong bawiin ang iyong santong Espiritu sa akin.12 Ibalik mo sa akin ang kagalakan ng iyong pagliligtas: at alalayan ako ng kusang espiritu.13 Kung magkagayo'y ituturo ko sa mga mananalangsang ang iyong mga lakad; at ang mga makasalanan ay mangahihikayat sa iyo.14 Iligtas mo ako sa salang pagbububo ng dugo, Oh Dios, ikaw na Dios ng aking kaligtasan; at ang aking dila ay aawit ng malakas tungkol sa iyong katuwiran.15 Oh Panginoon, bukhin mo ang aking mga labi; at ang aking bibig ay magsasaysay ng iyong kapurihan.16 Sapagka't hindi ka nalulugod sa hain; na kung dili ay bibigyan kita: wala kang kaluguran sa handog na susunugin.17 Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob: isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Dios, ay hindi mo wawaling kabuluhan.18 Gawan mo ng mabuti ang iyong mabuting kasayahan sa Sion: itayo mo ang mga kuta ng Jerusalem.19 Kung magkagayo'y malulugod ka sa mga hain ng katuwiran, sa handog na susunugin at sa handog na susunuging buo: kung magkagayo'y mangaghahandog sila ng mga toro sa iyong dambana." (Awit 51:1-19) Ang mga katunayan ng tunay na pagsisisi makikita nating malinaw sa Awit na ito, at sa mga sumusunod ay sasalamin at mapagpasyang sanhi upang matutunan mula kay David upang ilapat kung ano ang tunay na pagsisisi sa iyong buhay.

1. Alam ni David ang kanyang ginawang mali at hayagang ipinagtapat ang kanyang kasalanan sa Panginoon: Alam mo ba kung ano ang iyong ginawa? Maari mo bang tukuyin ang iyong kasalanan? Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno, isulat ang iyong mga kasalanan isang maliit na paper at talikdan ang lahat ng mga ito sa presensiya ng Diyos.

2. Hindi isinisi ni David at inakusahan ang sinuman sa kanyang nagawa: Inaamin mo ba ang iyong mga kasalanan bilang sa iyo? O sinusubukan mong ibigay ang mga pananagutan ng iyong mga kasalanan sa iba? Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno tanggapin ang buong pananagutan ng iyong mga kasalanan sa harapan ng Diyos.

3. Hiningi ni David sa Panginoon na patawarin siya at kahabangan siya sa batayan na hindi na niya uulitin: Nakumbinsi ka bang huminto sa pagkakasala? O nais mong abusihin ang biyaya ng Diyos sa paghingi sa Kanya ng kapatawaran ngunit sa iyong puso ikaw ay hindi handang tumalikod mula sa kasalanan? Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno, gumawa ng isang malinaw na pangako sa harapan ng Diyos na hindi kana babalik sa ganoong kasalanan.

4. Hiningi ni David sa Panginoon na hugasan ang kanyang kasalanan at linisin ang kanyang paglabag: Ang totoong pagsisisi ay malinaw na ipinapakita na kung paanong ang kasalanan ay ginawa kang hindi mabuting tao na tingnan sa paningin ng Diyos. Ito ay makakagawa sayong magpatuloy na hilingin sa Diyos na alisin ang iyong mga pagsalangsang, nang sa gayo'y muli kang makatayo upang maglingkod sa Kanya. Alam ni David kung gaanong ang kanyang kasalanan ay nagpadalamhati at kung gaanong ang Panginoon ay hindi nasiyahan. Nakita niya ang kaniyang kasalanan sa paraang nakita ng Diyos ito. Nakikita mo ba ang iyong mga kasalanan na matindi at nakakasakit gaya ng nakikita ng Diyos at kung paano niya inilarawan sa Kanyang Salita? O gumawa ka ng kasalanan at pagkatapos ikaw ay nagtanong, "Ano ba talagang mabigat na kasalanan ang nagawa ko?" Kung ang iyong tanong ay kagaya nito? ito'y nagpapakita na hindi

kapa dumarating sa punto ng tunay na pagsisisi at takot sa Diyos. Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno, maghinagpis at magdalamhati ng malalim sa iyong mga kasalanan bilang iyong nakikita ang mga pinsala na ginawa ng iyong kasalanan.

5. Hiningi ni David sa Diyos na linisin siya. Hinihiling mo ba ang Diyos na patawarin ka at linisin ka mula sa iyong mga kasalanan sa lahat ng epekto nito? Hiniling ni David sa Diyos na hugasan ang kanyang mga kasalanan at linisin mula sa lahat ng nakakapinsalang epekto ng kasalanan sa kanyang buhay. Habang ikaw ay ganap na nagsisisi sa proseso ng pagpapabanal ay sisimulan din sa iyong buhay. Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno sa pagsisisi sa iyong mga kasalanan ang Panginoon ay papabanalin ka at lilinisin ka gaya ng Kanyang ipinangako, "9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. " (1 Juan 1:9)

6. Hiningi ni David sa Panginoon na huwag siyang paalisin sa kanyang harapan: Ang kasalanan ay hahayaan kang mawala sa presensya ng Diyos at ng tulong ng Diyos sa iyong buhay. Sa hindi pagtatapat at hindi pagtalikod sa mga kasalanan ay magdudulot sayo ng pagkawala ng walang hanggan maliban kung ikaw ay magsisisi. Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno sa pagsisisi ng iyong mga kasalanan hinggin sa Diyos na huwag kang paalisin sa Kanyang harapan.

7. Hiningi ni David sa Panginoon na huwag alisin ang Banal na Espiritu mula sa kanya. Ang iyong pagkasira ng pakikipagugnayan sa Diyos dahil sa kasalanan ay magaalis ng Banal na Espiritu mula sayo. Maari kang mabuhay at kumilos ng walang direksyon ng Banal na Espiritu, at hindi mo makikita ang liwanag ng Diyos upang magningning sa iyong buhay upang magawa mong makita kung ano ang nasa unahan. Maliban kung ikaw ay magsisisi sa iyong mga kasalanan ikaw ay magpapatuloy na lumalakad sa kadiliman. Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno sa iyong mga kasalanan hingin sa Diyos na gabayan ka at maliwanagan ka ng Banal na Espiritu upang magpatuloy kang lumakad sa kaliwanagan ng Diyos.

8. Hiningi ni David sa Panginoon na likhain sa kanya ang isang dalisay na puso at magbago ng matuwid na espiritu sa akin: Habang ikaw ay nagsisisi gagawin ng Diyos ang Kanyang ipinangako nang Kanyang sinabi, "26 Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. 27At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahatulan, at isasagawa." (Ezekiel 36:26-27) Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno sa pagsisisi ng iyong mga kasalanan hinggin sa Diyos na ibigay ang isang bagong puso ng laman at ng Banal na Espiritu upang magpatuloy at maglingkod sa Panginoon at isabuhay ang iyong buhay para sa Kanya sa paggawa ng Kanyang kalooban.

9. Hiningi ni David sa Panginoon na ibalik sa kanya ang kagalakan ng kaligtasan at bigyan siya ng handang espiritu upang aalalay sa kanya: Sa kawalan ng kagalakan sa buhay ay maaring dahil sa kasalanan na hindi mo nagawang ipagtapat o talikuran. Ang kasalanan ay magaalis ng kagalakan ng iyong kaligtasan. Kapag ikaw ay nagsisi ang Panginoon ay ibabalik sayo ang kagalakan ng Kanyang kaligtasan. At ang kaligatsang yaon ay magbibigay sayo ng kalakasan upang magpatuloy na maglingkod sa layunin ng Diyos, at mabuhay ng isang magtagumpay na buhay. Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno sa pagsisisi ng iyong mga kasalanan, hinggin sa Diyos na panumbalikin sayo ang kagalakan ng kaligtasan at asahang mapuspos ng kagalakan ng Panginoon, sapagkat ang kagalakan ng Panginoon ay ang iyong kalakasan.

10. Alam ni David na ang Diyos ay hindi masaya sa mga handog ng walang pagsisisi. Ikaw ba ay naghahandog sa Diyos ng iyong mga paglilingkod, o nagbibigay ka ba ng salapi, at mga kaloob sa mga taong makadiyos iniisip na ang mga bagay na ito ay magtatakip sa iyong mga kasalanan? Nalalaman ni David ang Diyos at sinabi niya, "16 Sapagka't hindi ka nalulugod sa hain; na kung dili ay bibigyan kita: wala kang kaluguran sa handog na susunugin. 17 Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob: isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Dios, ay hindi mo wawaling kabuluhan." (Awit 51:16-17) Habang ikaw ay nananalangin at nagaayuno, ipakita ang iyong wasak at nagsisising puso sa Panginoon upang gumaling, at upang ayusin na magpatuloy sa paglalakbay ng kaligtasan ng Diyos.

11. Ipinangako ni David sa Panginoon na turuan ang mga makasalanan ng mga paraan ng Diyos: "13 Kung magkagayo'y ituturo ko sa mga mananalangsang ang iyong mga lakad; at ang mga makasalanan ay mangahihikayat sa iyo." (Awit 51:13) Kapag ikaw ay tunay na nagsisisi, ikaw ang tamang tao upang magturo sa iba. Sapagkat patotohanan mo sa kanila kung paanong ang kasalanan ay sinira ka at kung paanong ang pagsuway ay nagdala ng mga kaguluhan sa iyong buhay. Pagkatapos mong ganap na nanumbalik sasabihin mo sa iba. Nagawa ko ang kasalanang yan at ako'y napahamak at naparusahan, kaya't ako'y nagbababala sayo na huwag mong gawin iyan. Ito ay isang napaka mahalagang aspeto ng iyong pagsisisi na turuan ang iba mula sa sarili mong karanasan, kung paanong ang kasalanan ay nagdala ng kaguluhan sa iyong buhay. Ang iyong pagtuturo at patotoo ay mahalaga dahil ang mga tao ay dapat tumalikod sa kasalanan. Kailangan silang bigyan ng babala tungkol sa kahahantungan ng kasalanan at maling gawain, at sa gayo'y matakot sa Diyos. Dapat nilang matanggap ang tamang mensahe mula sayo na personal na nakaranas ng makamandag na kagat ng kasalanan hanggang sa nagsisisi ka. Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno sa pagsisisi sa iyong mga kasalanan, ipangako ang iyong sarili upang magebanghelyo at turuan ang iba mula sa sarili mong karanasan ng kung paanong ang kasalanan ay sumira sa iyong buhay ngunit nang ikaw ay nagsisi nilinis ka ng Diyos, binigyan ka ng isang bagong puso ng laman, isang mahabaging puso, pinanumbalik ka sa pakikipagkaisa sa Kanya, pinuspos ka ng Kanyang Banal na Espiritu, binigyan ka ng kagalakan at kalakasan upang ipamuhay ang iyong buhay sa Kanya at maglingkod sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban.

Sa aking Mahal at Minamahal: Matuto mula sa buhay ni David at mula sa Kanyang pagsisisi sa sumusunod:

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno, isulat sa isang maliit na paper at talikdan ang lahat ang mga iyon sa presensiya ng Diyos.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno tanggapin ang buong pananagutan ng iyong mga kasalanan sa harapan ng Diyos.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno, gumawa ng isang malinaw na pangako na hindi kana babalik sa ganoong mga kasalanan.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno, magdalamhati at maghinagpis ng malalim sa iyong mga kasalanan habang nakikita mo ang mga pinsala na nagawa ng iyong kasalanan.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno, magsisi sa iyong mga kasalanan ang Panginoon ang pababanalin ka at lilinisin ka gaya ng Kanyang ipinangako sa Kanyang Salita, "9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:9)

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno sa pagsisisi ng iyong mga kasalanan hinggin sa Diyos na huwag ihiwalay ang Kanyang presensya.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno sa pagsisisi ng iyong mga kasalanan hinggin sa Diyos na gabayan ka at maliwanagan ka ng Banal na Espiritu na ikaw ay magpatuloy lumakad sa kaliwanagan ng Diyos.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno sa pagsisisi ng iyong mga kasalanan, hinggin sa Diyos na bigyan ka ng isang bagong puso ng laman at ng Banal na Espiritu na magpatuloy at maglingkod sa Panginoon at mamuhay ng iyong buhay para sa Kanya sa paggawa ng Kanyang buong kalooban.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno ng iyong mga kasalanan, hinggin sa Diyos upang ibalik sayo ang kagalakan ng iyong kaligtasan at asahan na mapuspos ng kagalakan ng Panginoon, sapagkat ang kagalakan ng Panginoon ay ang iyong kalakasan.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno ng iyong nasira at nagsisising puso sa Panginoon upang gumaling, at upang ayusin na magpatuloy sa paglalakbay sa kaligtasan ng Diyos.

Habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno sa pagsisisi ng iyong mga kasalanan, ipanganko ang iyong sarili upang magebanghelyo at turuan ang iba mula sa sarili mong karanasan kung paanong ang kasalanan ay sinira ang iyong buhay ngunit nang ikaw ay nagsisi nilinis ka ng Diyos, binigyan ka ng isang bagong puso ng laman, isang mahabaging puso, pinabalik ka sa pakikipagkaisa sa Kanya, napuspos ng Kanyang Banal na Espiritu, binigyan ka ng kagalakan at kalakasang magpatuloy mabuhay ng iyong buhay at maglingkod sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa iyong Salita na ipinakita sa akin ng malinaw ang iyong mga paraan at kung paano mo nais isabuhay ang aking buhay para sayo.

Panginoon aking ipinapahayag at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan at mga diosdiosan at makataong mga tradisyon sa aking buhay

Panginoon habang ako'y nanalangin at nagaayuno sa pagsisisi sa akin mga kasalanan, Panginoon linisin mo ako, dalisayin mo ako, ibalik mo ako sayo, panumbalikin mo ako sayo, pagpalain mo ako, bigyan ako ng isang bagong puso ng laman, isang mahabaging puso, pusposin mo ako ng Banal na Espiritu at ibalik sa akin ang kagalakan ng iyong kaligtasan.

Panginoon ako'y nananalangin para sa aking mga kapatid na nagsisi at tinalikdan ang kanilang mga kasalanan. Panginoon linisin mo sila, dalisayin sila, ibalik mo sila sayo, pabalikin mo sila sayo, pagpalain mo sila, bigyan sila ng isang bagong puso ng laman, isang mahabaging puso, pusposin mo sila ng Banal na Espiritu at ibalik sa kanila ang kagalakan ng iyong kaligtasan.

Panginoon ako'y nananalangin para sa kanila na bigyan sila ng mabuting kalusugan at ng kalakasan upang magpatuloy at maglingkod sayo. Panginoon bigyan mo sila ng lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon ibigay sa kanila ang iyong Salita. Panginoon pusposin mo sila at pangunahan sila ng iyong Banal na Espiritu na magpatuloy at gawin ang iyong gawain. Panginoon protektahan sila mula sa masama, iligtas sila sa mga tukso, at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan.

Panginoon ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan upang maging tagagawa ng iyong Salita at upang tuparin ang mga gawain na itinawag mo sa na gawin para sayo. Panginoon protektahan kami at iligtas kami mula sa masama at manguna ka sa amin at makipaglaban sa aming mga pakikibaka. Panginoon pusposin kami muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga kaloob na espirituwal na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon paging dapatin mo kami makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita at ng mensahe ni JesuCristo. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng maraming mga pagaaral ng Bibilya at ng mensahe at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapi n at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com